UTOS BILANG 23-01 NG OPISYAL SA KALUSUGAN

UTOS NG OSPISYAL SA KALUSUGAN NG COUNTY NG ALAMEDA

PAGPAPAWALANG-SAYSAY SA PAGDEDEKLARA NG LOKAL NA EMERGENCY SA KALUSUGAN NOONG MARSO 5, 2020 AT PAGPAPAWALANG-SAYSAY SA MGA UTOS 20-02, 20-05G, 20-06T, AT 20-18 NG OPISYAL SA KALUSUGAN

PETSA NG PAGKAKROON NG BISA: 11:59 p.m., Pebrero 28, 2023

Buod ng Utos: Ipinawawalang-saysay ng utos na ito ang pagdedeklara ng Opisyal sa Kalusugan ng County ng Alameda sa lokal na emergency sa kalusugan at ipinawawalang-saysay ang mga Utos ng Opisyal sa Kalusugan ng County ng Alameda na 20-02 (paghiling sa mga laboratoryo na iulat ang mga resulta ng mga pagsususri ng COVID-19), 20-05g (pangangailangan ng pag-isolate para sa mga taong may COVID-19), 20-06t (pangangailangan ng quarantine para sa mga malapitang kontak ng mga taong may COVID-19), at 20-18 (pangangailangan ng pagsusuri ng mga residente sa mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga). Magsisimula ang mga pagpapawalang-saysay na ito nang 11:59 p.m. sa Pebrero 28, 2023.

Background: Nanatiling mababa ang araw-araw na naiulat na mga pagkakaospital dahil sa COVID-19 ng County ng Alameda ngayong taglamig kaysa sa naiulat na mga pagkakaospital sa mga naunang dalawang taglamig. Ang araw-araw na naiulat na mga pagkakaospital sa intensive care unit at naiulat na mga pagkamatay dahil sa COVID-19 ay nanatili ring mababa sa mga nakaraang malaking pagtaas ng bilang ng COVID-19. Dagdag pa rito, isinasaad ng available na data tungkol sa paglabas sa ospital ang pagbaba ng proporsyon ng mga pagkakaospital na nauugnay sa sakit na COVID-19 kaugnay sa mga pagkakaroon ng COVID-19 na natukoy sa mga taong naospital para sa iba pang mga dahilan. Nanatili ang Alameda County sa kategorya ng Mababang Antas ng COVID-19 sa Komunidad ng Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Preventions) ng Estados Unidos mula Enero 19, 2023. At ang mga residente ng County ay mayroong mataas na bilang ng pagbabakuna laban sa COVID-19, kung saan 86.6% ng mga residente ang ganap na nabakunahan at 93.9% ang nakakatanggap ng kahit isang dosis ng mga bakuna. Nakakita rin ang Alameda County ng paggamit ng pinakabagong booster na bakuna para sa COVID-19 na nalalampasan ang karamihan sa mga average ng mga county ng California at ng bansa. Bagaman patuloy na umiikot ang COVID-19 sa County, ang nadagdagang kaligtasan sa sakit (immunity) sa lokal na populasyon at ang mga paggamot na available sa maraming lugar ay ginawang hindi masyadong nagdudulot ng panganib sa kalusugan ng publiko ang sakit. Alinsunod, sa ngayon, nalaman ng Opisyal sa Kalusugan ng Publiko na hindi na kailangan ng idineklarang lokal na emergency sa kalusugan o para sa Mga Utos ng Opisyal sa Kalusugan na nakalista sa Utos na ito.

Patuloy na umiikot ang COVID-19 sa County ng Alameda at nananatiling banta sa mas matandang nasa hustong gulang at mas mahihinang miyembro ng komunidad. Ang pananatiling may pinakabagong impormasyon tungkol sa inirerekomendang pagbabakuna para sa COVID-19 ay patuloy na pinakamabisang estratehiya para labanan ang COVID-19 at pigilan ang malubhang sakit, pagkakaospital, at pagkamatay. Ang impormasyon para makakuha ng bakuna para sa COVID-19 sa County ng Alameda ay makikita rito: https://covid-19.acgov.org/vaccines. Ang de-kalidad, lapat na lapat na mga mask at mga respirator at paglilimita sa pagkaka-expose sa mga lugar na maraming tao at hindi maganda ang

bentilasyon ay maaaring magbigay ng karagdagang proteksyon laban sa pagkakaroon ng COVID-19. Ang mga nasa pinakamalaking panganib na magkaroon ng malubhang COVID-19 ay dapat magkaroon ng plano para makakuha ng paggamot kung magkakasakit sila.

UTOS

SA ILALIM NG AWTORIDAD NG SEKSYON 101040, 101085, AT 120175 NG ALITUNTUNIN SA KALUSUGAN AT KALIGTASAN NG CALIFORNIA, INUUTOS NG OPISYAL SA KALUSUGAN NG COUNTY NG ALAMEDA ("OPISYAL SA KALUSUGAN") ANG:

A. Pagpapawalang-saysay ng Pagdedeklara ng Lokal na Emergency sa Kalusugan noong Marso 5, 2020

1. IPINAWAWALANG-SAYSAY ng Utos na ito ang Pagdedeklara ng Lokal na Emergency sa Kalusugan na inilabas ng Opisyal sa Kalusugan ng County noong Marso 5, 2020 ayon sa mga tuntunin ng pagpapatibay ng Pagdedeklarang iyon ng Lupon ng mga Superbisor noong Marso 10, 2020. Magsisimula ang pagpapawalang-saysay na ito nang 11:59 p.m. sa Pebrero 28, 2023.

B. Pagpapawalang-saysay ng Mga Utos ng Opisyal sa Kalusugan

Simula 11:59 p.m. sa Pebrero 28, 2023, ganap na ipawawalang-saysay ang mga sumusunod na utos ng Opisyal sa Kalusugan para sa County ng Alameda:

1. Utos Bilang 20-02 (paghiling sa mga Laboratoryo na iulat ang mga resulta ng mga pagsusuri ng COVID-19)
2. Utos Bilang 20-05g (pag-utos na i-isolate ang sarili para sa mga taong na-diagnose ng mayroon o malamang na mayroong COVID-19);
3. Utos Bilang 20-06t (pag-utos ng quarantine para sa mga malapitang kontak ng mga taong mayroong COVID-19); at
4. Utos Bilang 20-18 (pangangailangan ng pagsusuri ng mga residente sa Mga Pasilidad ng Pangmatagalang Pangangalaga (Long Term Care Facilities, mga LTCF).

Bagaman ipinawalang-saysay ang Mga Utos 20-05g, 20-06t ng Opisyal sa Kalusugan, hinihikayat ang mga residente na tingnan ang Mga Utos na iyon o iba pang mga direktiba mula sa Opisyal sa Kalusugan ng Publiko para sa gabay sa kung paano tutugon sa mga pagkakaroon ng at pagkaka-expose sa COVID.

C. Mga Karagdagang Probisyon

1. Wala sa Utos na ito ang pipigil o magpapatigil sa sinumang residente o negosyo ng County sa paggawa ng mga inirerekomendang pag-iingat laban sa pagkalat ng mga nakakahawang sakit na nakukuha sa hangin, tulad ng pananatiling may pinakamabagong impormasyon tungkol sa mga pagbabakuna, pagsusuot ng lapat na lapat na mask para maprotektahan laban sa pagkakaroon ng sakit, pananatili sa bahay kapag may sakit, at pagpapasuri kung ma-expose o may sakit.

2. Patuloy na gagamitin ang mga utos at regulasyon ng pederal at estado sa lahat ng residente at negosyo ng County. Kung maglalabas ang Estado ng California ng mga karagdagang utos o regulasyon para makontrol ang pagkalat ng COVID-19, mapapailalim ang mga residente at negosyo ng County sa mga utos na iyon kahit na tutugunan ng mga ito ang mga parehong paksa ng mga utos na ipinawalang-saysay ng Utos na ito.

Nicholas J. Moss, MD, MPH
Opisyal sa Kalusugan ng County ng Alameda

Pebreror 28, 2023
Petsa